



# Pansamantala Dayuhan Manggagawa TFW



Ang karapatan mo  
ay protektado



# Maligayang pagdating sa Canada!

Ang Canada ay malakas na tagasuporta ng human rights, kapwa sa ating bansa at ibang lugar. Ang pamphlet na ito ay ginawa upang ipaalam sa iyo ang iyong karapatan sa panahon ng iyong pagtrabaho sa Canada bilang temporary foreign worker, temporero dayuhang manggagawa.

Ang lahat ng manggagawa sa loob ng Canada ay protektado ng mga batas ng Canada, kasama ang temporary foreign workers na gaya mo. Ang pagsamantala ng isang dayuhang mamamayan ay maaring labag sa batas ng Canada at karapatang sangkatauhan o human rights.

Ang employer mo ay dapat:

- Magbayad ng iyong pagtrabaho (kasama ay overtime, lampas sa oras ng trabaho, kung kailangan;
- Magsiguro na ligtas ang lugar ng trabakp;
- Magbigay ng sapat na break time at araw na walang trabaho;
- Hindi maari kunin ang iyong pasaporte o permiso ng pagtrabaho;
- Hindi maaring ikaw ay takutin na ma-deport buhat sa Canada o palitan ang iyong immigration status.

Sa Canada, ang empleo sa karamihan ng trabaho ay sakop ng batas ng probinsya o teritoryo. Bawat probinsya o teritoryo ay mayroong opisina na tumukoy sa batas ng trabaho at empleo. Isang kawani sa upisina ng iyong lokal na empleo ng pamantasan ng trabaho ay maari mong kausapin tungkol sa wastong sueldo, oras ng trabaho, oras ng pahinga, kundisyon ng pagtrabaho at kasiyasigang tungkulin, at maaring magbigay ng ibang serbisyo.

Ang ilang trabaho ay kontrolado ng pamahalaan pederal, at ang pamantasan ng empleo sa nasa ilalim ng Canada Labour Code. Para sa listahan ng lugar na trabaho na kontrolado ng pederal, pumunta po sa website na nakalista sa huling bahagi ng pamphlet na ito.

Tinutuligsa ng Pamahalaan ng Canada ang lahat ng akto ng pagsamantala ng manggagawa, kasama ang human trafficking. Ang human trafficking ang pinakalabis na porma ng pagsamantala ng manggagawa at seksuwal, at isang seriosyong krimen, na mayroon parusang mabigat, kasama ang pagpasok sa kulungan. Tignan ang likod ng pamphlet na ito para sa iba pang impormasyon.

Para sa iba pang impormasyon tungkol sa mga bagay na kaugnay sa pamantasan ng empleo gaya ng kontrata, oras ng trabaho, minimum wage, terminasyon ng empleo o karapatan sa ilang benepisyo, pumunta po kayo sa opisina ng probinsya o teritoryo o kaya sa Federal Labour Programa, programang para empleo.

Impormasyon upang magkontak at website address ay makikita sa huling bahagi ng pamphlet na ito.

Hindi mo kailangan humingi ng permiso ng iyong employer upang tumawag mga opisina o pumunta sa kanilang website. Hindi ka maaring parusahan o i-deport sa paggamit ng serbisyong ito.

## Kontrata ng Empleo

Para sa kanilang proteksyon, ang temporary foreign workers na kinuha sa okupasyon na kailangan ang mababang antas ng pormal na pagsasanay ay kailangan pumirma ng kontrata ng empleo ng kanilang employer. Pinapayuhan, ngunit hindi kailangan, na ang mataas na katangian temporary foreign worker ay pumirma ng kontrata ng empleo sa kanilang employer bago magsimulang magtrabaho.

Kapwa ikaw at iyong employer ay dapat sumunod sa termino at kundisyon ng kontrata at dapat isama ang sumunod:

- Iyong sueldo at pagbabawas sa iyong sueldo;
- Detalya ng katungkulan ng trabaho; at
- Kundisyon ng empleo.

Ang “kundisyon ng empleo” na bahagi ng iyong kontrata ay dapat iguhit ang pinakamataas ng bilang ng oras ng trabaho sa bawat linggo at gaano ka babayaran ng overtime (kung ikaw ay magtrabaho ng lampas ng karaniwan oras). Ang batas ng regulasyon sa oras ng trabaho at overtime (lampas na oras na trabaho pagkatapos ng regular na oras) ay nagbabago ayon sa probinsya o teritoryo kung saan ka nagtatrabaho. Hindi ito dapat lumampas ng 48 oras bawat linggo, kasama ang overtime.

Dapat kang magtago ng kopya ng iyong pirmadong kontrata. Kung, sa kinabukasan, ikaw at iyong employer ay hindi magkasundo tungkol sa detalya ng oras ng trabaho gaya ng tungkulin ng trabaho, sueldo o kundisyon sa pagtrabaho, ang kontrata ay makakatulong sa iyo kung malutas ang paksa at maaring makatulong ng pagtatalo sa karapatdapat na tribunal ng probinsya o teritoryo. Kapag ikaw ay dumating na sa Canada, hindi ka dapat pumirma ng ibang kontrata na ang termino at kundisyon na hindi ayon sa iyo ng walang makaturang kadahilanan.

Ang kontrata ay dapat kasama ang impormasyon tungkol sa pagbawas sa sueldo (gaya halimbawa, ang premyon binayad para sa Canada Pension Plan at Employment benefits).

Ang employer na uma-arkila ng temporary foreign workers para sa okupasyon na kailangan ng mababang antas ng pormal na pagsasanay ay dapat magpasueldo o magbigay para sa sumusunod; ang bayad sa transportasyon ng pagpunta ng manggagawa buhat sa bansa kanyang pinanggalingan at pagbalik buhat sa Canada; pribadong health insurance hanggang sa panahon na eligible para probinsya o teritoryo health care; at tirahan (kung nararapat). Maaring mong mahanap ang iba pang detalya ng tirahan) sa ilalim ng bahagi ng Accomodation ng pamphlet na ito.

4

## **Pagpalit ng employers**

Ang lahat ng temporary foreign workers ay maaring magpalit ng employers, at hindi ka maaring parusahan o i-deport sa paghanap ng ibang trabaho. Ang National Job Bank o Pagtrabaho sa Canada website ay maaring tumulong sa paghanap ng bagong trabaho. Para sa iba pang impormasyon, pumunta sa websites nakalista sa huling bahagi ng pamphlet na ito.

Sa maraming kaso, ang bagong mong employer ay dapat mayroong permiso na umarkila ng isang temporary foreign worker. Upang gawin ito, ang employer ay dapat mag-apply ng tinatawag na labour market opinion, o LMO, buhat sa Human Resources and Skills Development Canada (HRSDC) Service Canada. Kung magbigay ang HRSDC/Service Canada ng positibong LMO sa employer, maari silang umarkila sa iyo upang mamasukan.

Kung ikaw ay walang open work permit, kailangan mag-apply ng panibagong work permit. Magsiguro na humingi ng kopya sa iyong bagong employer ng kanilang positibong sulat na LMO at annex. Kapag natanggap mo ang mga dokumentong nabanggit, maari ka ng mag-apply sa Citizenship and Immigration Canada (CIC) ng bagong work permit.

Sa ilang kaso, kailangan mong pumirma ng kontrata ng empleo sa iyong bagong employer.

## **Kung Mawalan ka ng Trabaho**

Sa karaming kaso, kailangan bigyan ka ng iyong employer ng nakasulat na notisya at sueldo pagka-alis sa trabaho bago sabihin sa iyo ng umalis ka ng trabaho. Subalit, maaring hindi ka bigyan ng babala kung ikaw ay aalisin ng” wastong dahilan” (“just cause”) (halimbawa, seriosong maling ugali o hindi pumasok ng walang magandang dahilan). Kung ikaw ay mayroon employment contract para sa tiyak na panahon o tiyak na okupasyon na trabaho, hindi ka kailangan bigyan ng notisya ng iyong employer sa katapusan ng taning na panahon.

Ang patakaran tungkol sa notisya ng terminasyon ng empleo ay nababago ayon sa probinsya o teritoryo namamasukan.

Kung hindi sinusunod ng iyong employer ang batas sa pag-termino sa iyo. Maari kang magsumbong sa opisina ng pamantasan ng empleo ng iyong probinsya o teritoryo, o opisina ng Federal Labour Program.

Kung ikaw ay sakop ng union contract, dapat kang magsumbong sa pamamagitan ng iyong union.



## Panunuluyan/Tirahan

Hindi kailangan magbigay ang iyong employer ng iyong panunuluyan o tirahan upang mabuhay sa Canada, maliban na lang kung:

- kung ikaw ay pansamantalang dayuhang manggagawa sa ilalim ng Seasonal Agricultural Worker Program (SAWP) o ng Agricultural Stream.
- isang live-in caregiver sa ilalim ng Live-In Caregiver Program (LCP).

Sa ilalim ng Agricultural Stream at sa ilalim ng LCP, ang iyong employer ay maaring bawasan ang parte ng gastos ng tirahan buhat sa iyong sueldo. Sa ilalim ng SAWP, tanging employer nakatira sa British Columbia ay maaring magbawas ng tirahan sa payroll. Sa ibang probinsya at teritoryo, ang halaga ng pagkain at tirahan ay limitado sa pinakamataas na halaga na nakasulat sa iyong kontrata.

**Paunawa:** Sa panahon ng iyong empleo, maari kang umalis sa tirahan na binigay sa iyo ng employer at tumira sa pribadong tirahan. , Kung ikaw ay isang live-in caregiver sa ilalim ng Live-In Caregiver Program, maari ka lumipat sa tirahan na bigay sa iyo ng iyong employer kung ikaw ay magbabago ng employer o upang protektahan ang iyong kalusugan at kaligtasan.

6

## Occupational health at safety

Lahat ng manggagawa sa Canada ay may karapatan sa isang ligtas at mabuti sa kalusugan na lugar ng trabaho. Mayroong mga batas para bigyan ng proteksyon ang manggagawa sa hindi ligtas o peligrong kundisyon sa pagtrabaho.

Ang bawat probinsiya, teritoryo at pederal na pamahalaan ay mayroon kanyang kanyang batas at paraan upang imbistigahan ang mga bagay sa kalusugan at kaligtasan.

Para sa ibang impormasyon sa iyong karapatan at responsibilidad at paraan ng pagsumbong, o i-report ang hindi ligtas ng lugar na pagtrabaho o pinsala, pumunta sa iyong upisina ng occupational health and safety ng iyong probinsya o teritoryo, o sa upisinang region ng Federal Labour Program. Impormasyon sa pagkontak ay makikita sa huling bahagi ng pamphlet na ito.

## Ligtas ba ang iyong trabaho?

Tanungin ang iyong sarili gaya ng:

- Mayroon ba akong sapat na pagsasanay
- para sa trabahong ito at makinarya at
- kagamitan ginagamit ko?
- Mayroon ba akong tamang ligtas na kagamitan upang gawin ang trabaho?
- Nadarama ko ba na ako ay ligtas o hindi takot masaktan sa aking pagtrabaho?
- Ako ba ay nagtatrabaho malapit sa mapanganib na materyales?

## Pagtangi sa peligrong trabaho

Mayroon kang karapatang tumangi na magtrabaho kung iyong palagay ang trabahong pinagagawa sa iyo ay peligroso at wala kang sapat na pagsasanay upang gawin ang trabaho o gamitin ang makinarya.

Hindi ka maaring parusan ng iyong employer sa iyong pagtangi sa peligrong trabaho at dapat ikaw ay bigyan ng sueldo hanggang:

- Ang peligro o panganib ay mawala;
- Tumanggap ng kailangan pagsasanay at handang magtrabaho;
- Sa iyong palagay ang panganib o peligro ay wala na;
- Sinabi sa iyo ng isang opisyal ng pamahalaan na ligtas na gawin ang trabaho.



## Kung Ikaw ay Napinsala sa Trabaho

Maraming probinsya at teritoryo ay nagbibigay ng workers' compensation benefits o bayad-pinsala. Ang Workers' compensation ay nagbibigay sa iyo ng tulong (medico o benepisyo sa sahod) kung ikaw ay mapinsala sa trabaho o ang iyon trabaho ang naging dahilan ng iyong sakit.

Dapat itala ng iyong employer sa probinsya o teritoryo seguro sa lugar ng trabaho at kaligtasan upang masiguro na sakop ang manggagawa kung sakali sila ay mapinsala.

Hindi dapat bawasan ng iyong employer ang anumang halaga sa iyong sueldo nabigay ng seguro sa kaligtasan sa lugar ng trabaho (workplace safety insurance). Para sa ibang impormasyon tungkol sa bayad-pinsala, pumunta workers 'compensation board ng iyong probinsya o teritoryo.

Upang mahanap ang impormasyon, pumunta sa website sa huling bahagi ng pamphlet na ito.

**Paunawa:** Kung ikaw ay mayroong aksidente sa trabaho, kausapin ang iyong supervisor kaagad at magpakita sa duktora kaagad kung sa iyong akala kailangan ng tulong na medical.

## HUMAN TRAFFICKING – ISANG MASELANG NA KRIMEN

Ang human traffickers ay nag-rekluta, dinadala, tinatago o nagkokontrol ng kilos ng isang tao upang magsamantala ng kanila trabaho o serbisyo, ang biktima ay nagtitiis ng pag-abusong pisikal, seksuwal o damdamin at kalimitan tumitira at nagtatrabaho sa nakakasindak na kundisyon.

Kung sa iyon akala, ikaw ay biktima ng trafficking, o alam mo ang isang taong biktima, basahin ang bahagi sa ibaba. Ang human trafficking ay isang maselang na krimen at ikaw ay protektado sa ilalim ng batas ng Canada.

Kung sa iyong akala, ikaw ay biktima ng human trafficking o may hinala o may kilala na aktibo na human trafficking, tumawag pos a lokal na polisya sa 911, o ayaw mong magpakilala, tumawag sa iyong lokal na Crime Stoppers Program sa 1-800-222-8477.



## **Ikaw ba ay biktima ng human trafficking?**

Ikaw ay maaring biktima ng human trafficking kung ikaw ay sumagot ng “oo” sa isa sa sumusunod na tanong:

- Ikaw by pinagbabawalan sa pag-alis ng
- lugar ng trabaho o tirahan?
- Mayroon bang kumuha ng iyong pasaporte o work permit sa iyo?
- Ang employer o kawani na representante niya- ay inabuso ka ng pisikal, seksuwal o damdamin, o pinayagan ito mangyari?
- Ang employer o kawani na representante niya-ay nagbanta sa iyo o miyembro ng iyong pamilya?
- Natatakot ka ba na mayroon masamang mangyayari sa iyo kung ikaw o miyembro ng iyong pamilya ay aalisin ng trabaho?

## **Paano kilalanin ang human trafficker?**

Dapat malaman na ang human traffickers ay umaakit at nagkokontrol ng kanilang biktima sa ilang paraan, gaya ng:

- Pagsinungaling sa biktima at kinabukusan empleo, paglalakbay, kundisyon ng tirahan o pagtrato;
- Pangako ng tunay na dokumento sa immigration at paglalakbay;
- Nagbibigay ng pangako na masyadong mabuti upang maging totoo;
- Pagbanta na saktan ang biktima o miyembro ng pamilya;
- Sinasangkot ang biktima sa aktibo na kriminal;
- Palipat-lipat ng tirahan ng biktima buhat sa lugar ng trabaho laban sa kanilang kalooban o pagpilit sa prostitution; at
- Tinuturuan ang biktima upang linlangin ang opisyal.

## Proteksyon at tulong para sa biktima Ng human trafficking

Ang CIC ay tumutulong na protektahin ang biktima ng human trafficking sa pagtibay ng kanilang immigration status sa pamamagitan ng tanging temporary resident permit (TRP) pansamantalang permisong residente. Ang unang TRP ay maaring ibigay para hanggang 180 araw ngunit, depende sa sitwasyon ng manggawa, maaring magbigay ng palugit pagkatapos ng 180 araw.

Ang biktima ng human trafficking na tumanggap ng TRP are maaring tumanggap ng serbisyo ng health-care sa pamamagitan ng Interim Federal Health Program at mag-apply ng open work permit. Para sa iba pang impormasyon sa TRPs, pumunta sa website nakalista sa huling bahagi ng pamphlet.

Paunawa: Sa loob ng Canada, ang biktima ng human trafficking ay hindi kailangan tumestigo laban sa kanilang trafficker upang makuha ang pansamanta o permanenteng resident status. Walang bayad ang unang TRP o isang work permit para sa biktima ng human trafficking.

Ang aplikasyon para sa TRP ay dapat personal na iharap at upisina ng lokal na CIC. Para sa iba pang impormasyon tungkol sa pinakamalapit ng upisina ng CIC, tumawag ng walang-bayad and numero: 1-888-242-2100 (sa loob ng Canada lamang).

## Impormasyon at pinangalingan

Para sa ibang impormasyon tungkol sa pagtrabaho sa Canada at iyong karapatan, pumunta kayo sa sumusunod na autoridad ng pamahalaan o pumunta sa pinakamalapit ng Service Canada Centre. Hindi mo kailangan ng permiso iyong employer upang pumunta sa sumusunod na website. Hindi ka maaring parusahan ng iyong employer o i-deport ka sa paggamit ng serbisyonang ito.

- ♦ Human Resources and Skills Development Canada-Temporary Foreign Worker Program  
[http://www.hrsdc.gc.ca/eng/workplaceskill/foreign\\_workers/workers.shtml](http://www.hrsdc.gc.ca/eng/workplaceskill/foreign_workers/workers.shtml)
- ♦ Service Canada  
[www.hrsdc.gc.ca/eng/workplaceskill/foreign\\_workers/hrcc.shtml](http://www.hrsdc.gc.ca/eng/workplaceskill/foreign_workers/hrcc.shtml)
- ♦ Citizenship and Immigration Canada  
[www.cic.gc.ca/english/work/index.asp](http://www.cic.gc.ca/english/work/index.asp)
- ♦ Temporary Resident Permits (TRP)  
<http://www.cic.gc.ca/english/information/applications/trp.asp>
- ♦ Canada Border Services Agency [www.cbsa.gc.ca](http://www.cbsa.gc.ca)  
Human Resources and Skills Development Canada – Federal Labour Program  
[http://www.hrsdc.gc.ca/eng/labour/contact\\_us/contact\\_us.shtml](http://www.hrsdc.gc.ca/eng/labour/contact_us/contact_us.shtml)
- ♦ Federally regulated workplaces  
[http://www.hrsdc.gc.ca/eng/labour/employment\\_standards/regulated.shtml](http://www.hrsdc.gc.ca/eng/labour/employment_standards/regulated.shtml)
- ♦ Listahan ng ministro ng employeo ng probinsya at Teritoryo  
[www.hrsdc.gc.ca/eng/labour/employment\\_standards/ministries.shtml](http://www.hrsdc.gc.ca/eng/labour/employment_standards/ministries.shtml)
- ♦ Listahan ng workers' compensation boards ng probinsya at teritoryo  
[www.hrsdc.gc.ca/eng/labour/workers\\_compensation/wcb.shtml](http://www.hrsdc.gc.ca/eng/labour/workers_compensation/wcb.shtml)
- ♦ Listahan ng upisina ng occupational health and safety ng probinsya at teritoryo  
<http://www.ccohs.ca/oshanswers/information/govt.html>
- ♦ Impormasyon para mapili sa employment Insurance  
[http://www.hrsdc.gc.ca/eng/workplaceskills/foreign\\_workers/ei\\_tfw/ceie\\_tfw.shtml](http://www.hrsdc.gc.ca/eng/workplaceskills/foreign_workers/ei_tfw/ceie_tfw.shtml)
- ♦ Impormasyon para sa Canada Pension Plan  
[http://www.hrsdc.gc.ca/eng/workplaceskills/foreign\\_workers/ei\\_tfw/cpp.shtml](http://www.hrsdc.gc.ca/eng/workplaceskills/foreign_workers/ei_tfw/cpp.shtml)
- ♦ National Occupational Classification  
[www5.hrsdc.gc.ca/NOC/English/NOC/2006/Welcome.aspx](http://www5.hrsdc.gc.ca/NOC/English/NOC/2006/Welcome.aspx)
- ♦ Pagtrabaho sa Canada  
[www.workingincanada.gc.ca](http://www.workingincanada.gc.ca)
- ♦ Job Bank  
[www.jobbank.gc.ca](http://www.jobbank.gc.ca)

---

Para makipag-usap sa isang kawani tungkol sa Federal Labour Program tumawag sa 1-800-641-4049.

Para sa pangkalahatang impormasyon sa serbisyo ng pamahalaan tumawag sa 1-800-0-Canada (1-800-622-6232).

---

Maaari mong i-order ang publikasyon na ito sa:  
Publication Services  
Human Resources and Skills  
Development Canada  
140 Promenade du Portage,  
Portage IV, 10th Floor  
Gatineau, Québec K1A 0J9

Fax: 819-953-7260  
Online: <http://www12.hrsdc.gc.ca>

Ang dokumentong ito ay mahihingi rin sa iba't-ibang mga format (large print, Braille, audio cassette, audio CD, e-text diskette, e-text CD, o kaya DAISY); tumawag lamang sa 1 800 O-Canada (1-800-622-6232). Kung gumagamit ka ng teletypewriter (TTY), tumawag sa 1-800-926-9105.

© Her Majesty the Queen in Right of Canada, 2012

Dept. Cat no: WP-179-02-12T1

Cat. No.: HS18-30/2012T1-PDF  
ISBN:978-0-662-03654-8

Para sa impormasyon hinggil sa mga karapatan sa reproduksyon, mangyaring kontak ang Public Works and Government Services Canada sa: 613-996-6886 o kaya ang droitdauteur. [copyright@tpsgc-pwgsc.gc.ca](mailto:copyright@tpsgc-pwgsc.gc.ca)